# DV-710 T Abiso ng Pagdinig upang Ma-renew ang Kautusan sa Pagpigil

*Ang mga tatak ng klerk ay may petsa dito kung kailan inihain ang form.*

Bilang impormasyon lamang
Huwag ihain sa korte

**Instruksyon:** Dapat lamang kumpletuhin ng taong protektado ang (1) at (2). Kukumpletuhin ng korte ang natitirang bahagi ng form na ito.

*Punan ang pangalan ng korte at address ng kalye:*

**Kataas-taasang Korte ng California, County ng**

*Punan ang numero ng kaso:*

**Numero ng Kaso**
Huwag ihain sa korte

(1) **Taong Protektado** *(pangalan)*

______________________________

(2) **Taong Pinigilan** *(buong pangalan):*

______________________________

Address ng taong pinigilan:

______________________________

Siyudad: ____________ Estado: ______ Zip: ________

(3) **Pagdinig sa Korte**

Ang hukom ay nagtakda ng pagdinig sa korte (petsa ng pagdinig sa korte) para sa kahilingan upang ma-renew ang kautusan sa pagpigil.

**Ang *Kautusan sa Pagpigil Matapos ang Pagdinig (Kautusan sa Proteksyon)* ay mananatiling may bisa hanggang sa petsa ng pag-expire sa kautusan na iyon o sa pagtatapos ng pagdinig sa baba, alinman ang mas huli.**

Petsa: ____________ Oras: ________
Dept.: ____________ Kuwarto: ________

Pangalan at address ng korte, kung iba sa taas:
______________________________
______________________________
______________________________

(4) **Para sa taong nasa (2):**

- **Dapat** na patuloy mong sundin ang kasalukuyang kautusan sa pagpigil hanggang sa petsa ng pag-expire ng kasalukuyang kautusan o ang petsa ng pagdinig, alinman ang mas huli.
- Sa pagdinig: Maaaring ma-renew ng hukom ang kasalukuyang kautusan sa pagpigil nang hindi bababa sa limang taon o gawin itong permanente. Maaari mong sabihin sa hukom kung bakit ka sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon sa kahilingan upang ma-renew ang mga kautusan.
- Kung hindi ka dadalo sa pagdinig, maaari pa ring ma-renew ng hukom ang kautusan sa pagpigil. Kung ma-renew ng hukom ang kautusan dapat kang makatanggap ng kopya ng kautusan sa address na nakalista sa (2). Kung mali o hindi nakalista ang inyong address, kontakin ang korte.
- Kung ma-renew ang kautusan sa pagpigil, *dapat* mong sundin ang mga kautusan kahit na hindi ka dumalo sa pagdinig. Kung hindi ka dumalo sa pagdinig at gusto mong malaman kung na-renew ng hukom ang kautusan, kontakin ang korte.
- Kung gusto mong tumugon sa sulat sa kahilingan upang mapabago ang kautusan sa pagpigil, punan ang form DV-720, *Tugon sa Kahilingan upang Ma-renew ang Kautusan sa Pagpigil*. Ihain ang orihinal sa korte, at hilingin sa isang taong 18 o higit pa—**hindi ikaw**—na magpadala ng kopya nito sa taong nasa (1) bago ang pagdinig. Maghain din ng form DV-250, *Katibayan ng Pag-aabot sa pamamagitan ng Mail,* sa korte bago ang pagdinig, at magdala ng kopya sa pagdinig ng korte.

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## (5) Para sa Taong nasa (1)

a. Dapat personal mong iabot sa taong nasa (2) ang kopya ng lahat ng mga form na nakalista sa baba sa (5)b sa *(petsa ng deadline):* ______________________________

b. Mga form na ihahain:

- DV-700, *Kahilingan upang Ma-renew ang Kautusan* sa Pagpigil (file na may tatak);
- DV-710, *Abiso ng Pagdinig upang Ma-renew ang Kautusan sa Pagpigil* (form na ito);
- DV-720, *Tugon sa Kahilingan upang Ma-renew ang Kautusan sa Pagpigil* (blangkong kopya); at
- Ang kasalukuyang *Kautusan sa Pagpigil Matapos ang Pagdinig Kautusan ng Proteksyon)* na gusto mong ma-renew (form DV-130, JV-255 o JV-265).

(Ang "Pag-aabot" ay nangangahulugang isang tao na 18 ang edad o higit pa—hindi ikaw o sinumang protektado ng kautusan sa pagpigil—ang dapat na personal na magbigay ng mga form ng korte sa taong nasa (2). Pagkatapos maabután ang tao, ihain ang form DV-200, *Patunay ng Personal na Pag-aabot,* kasama ang klerk ng korte, at magdala ng kopya sa pagdinig sa korte. Para sa tulong sa serbisyo, basahin ang form DV-200-INFO, *Ano Ang "Patunay ng Personal na Pag-aabot"?*

## (6) Walang Fee sa Pag-aabot (Pag-aabiso) sa Taong Pinigilan

Ang sheriff o marshal ang mag-aabot sa kautusang ito nang libre. Kung gusto mong iabot ng sheriff ang inyong mga papeles, (1) kumpletuhin ang form SER-001, *Kahilingan para sa Sheriff na Iabot ang mga Papeles ng Korte*, at (2) magbigay ng form SER-001 at kopya ng kautusang ito sa sheriff.

## Pirma ng Hukom

Petsa: ____________________

______________________________
*Hukom o Opisyal ng Hukuman*

## Kahilingan para sa mga Akomodasyon

Available ang assistive listening systems, computer-assisted real-time captioning o mga serbisyo ng interpreter ng sign language kung hihiling ka sa hindi bababa ng limang araw bago ang pagdinig. Kontakin ang opisina ng klerk o pumunta sa *www.courts.ca.gov/forms* para sa *Kahilingan sa Akomodasyon ng May Kapansanan* (form MC-410). (Seksyon ng Kodigo Sibil na 54.8.)

*(Sasagutan ng klerk ang bahaging ito.)*

**Mga Instruksyon sa Clerk:** Dapat ilagay ng korte ang kautusang ito sa CLETS o ipadala ang kautusang ito sa nagpapatupad ng batas upang makapasok sa CLETS. Dapat itong gawin sa loob ng isang business day mula sa araw na ginawa ang kautusan.

## —Sertipiko ng Klerk—

*Sertipiko ng Klerk*
*[selyo]*

Pinatutunayan ko na ang *Abiso ng Pagdinig upang Mapabago ang Kautusan sa Pagpigil* na ito ay totoo at tamang kopya ng orihinal na naihain sa korte.

Petsa: __________________ Klerk, ni ____________________________, Diputado



Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
Para sa iyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang button na "I-clear ang Form na Ito" pagkatapos ma-print ang form.

I-print ang form na ito

I-save ang form na ito

Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
I-clear ang form na ito